Regional Center of the East Bay

**KAHILINGAN PARA SA MGA PROPOSAL**
**FY *2023-2024***
**Plano ng Paglalaan sa Komunidad**

| | |
|---|---|
| Petsa: | Abril 16, 2024 |
| Para sa: | Lahat ng Interesadong Indibidwal at Organisasyon |
| Mula sa: | Regional Center of the East Bay |
| Tungkol sa/kay: | Kahilingan para sa Proposal (Request for Proposal, RFP) |

Ang Regional Center of the East Bay (RCEB) ay isang pribadong non-profit na organisasyon na nasa ilalim ng kontrata kasama ang California Department of Developmental Services (DDS). Bahagi ang RCEB ng isang network sa buong estado na may 21 Regional Centers na responsable sa koordinasyon at pagpapaunlad ng mga serbisyo para matugunan ang mga pangangailangan ng mga taong may Kapansanan sa Intelektwal/Pisikal (I/DD) sa Alameda at Contra Costa County.

Nakita ng RCEB ang pangangailangan na magkaroon ng tagapagbigay ng serbisyo para sa Tahanan Para sa Krisis ng Komunidad (Community Crisis Home, CCH) para sa mga bata. Ang ibig sabihin ng CCH para sa mga bata ay isang pasilidad ng tirahan ng grupo na sertipikado ng California Department of Developmental Services (DDS) at lisensyado ng California Department of Social Services (DSS) na nagbibigay ng 24-oras na pangangalagang hindi medikal sa mga indibidwal na may kapansanan sa paglaki na tumatanggap ng mga serbisyo ng sentrong pangrehiyon at sa pangangailangan ng mga serbisyo ng interbensyon sa krisis.

Mangungunang pipiliin ang mga lokal na mga tagapagbigay ng serbisyo na may karanasan na sa pagbibigay ng mga serbisyo sa East Bay gayundin ang mga may karanasan sa paglilingkod sa ating komunidad na may magkakaibang kultura at wika.

PAKISUYONG TANDAAN: Ang start-up na mga pondo ay pandagdag sa gastos sa pagbuo ng proyekto. Inaasahang may sapat na pondo ang aplikante para makapag-ambag sa proyekto.

Alinsunod sa Senate Bill (SB) 74, kinakailangan na ang sinumang tagapagbigay ng serbisyo na tumatanggap ng mga pondo mula sa negotiated na rate ay hindi maaaring maglaan ng higit sa 15% ng natanggap na kita sa mga gastos sa pangangasiwa. Ang kinakailangang ito ay dapat pondohan ng tagapagbigay ng serbisyo. Mangyaring sumangguni sa SB 74 para sa karagdagang impormasyon. May link ito sa RCEB website, www.rceb.org. **Hindi angkop ang kahilingang ito sa mga pondo ng startup.**

Gayundin, ang mga tagapagbigay na tumatanggap ng higit sa $500,000 hanggang $2,000,000 na revenue mula sa mga Regional Centers ay kinakailangang magsagawa ng taunang independent na pagsusuri sa pananalapi o independent na pag-audit sa pananalapi at isumite ito sa RCEB. Kung ang tagapagbigay ay tumatanggap ng katumbas ng o higit sa $2,000,000 mula sa mga Panrehiyong Sentro, kailangan nilang magsagawa ng taunang independent na pag-audit sa pananalapi at isumite ito sa RCEB.

**RCEB-FY- 23-24 Proyekto #8**

**$150,000 para sa Start Up na Gastos**
**Kasalukuyang Rate: para sa negosasyon alinsunod sa Batas at Regulasyon ng Estado.**

**Isang (1) Tahanan Para sa Krisis ng Komunidad**
Tinukoy ng RCEB ang pangangailangan para sa isang Tahanan Para sa Krisis ng Komunidad (Community Crisis Home, CCH) para pagsilbihan ang 4 na bata na kailangang-kailangan ng suporta. Ang ibig sabihin ng CCH para sa mga bata ay isang pasilidad ng tirahan ng grupo na sertipikado ng Department of Developmental Services (DDS) at lisensyado ng Department of Social Services (DSS) na nagbibigay ng 24 na oras na pangangalagang hindi medikal sa mga indibidwal na may mga kapansanan sa paglaki na tumatanggap ng mga serbisyo ng pangrehiyon sentro at nangangailangan ng mga serbisyo ng interbensyon sa krisis, at mga indibidwal na lumilipat mula sa at/o nanganganib makapasok sa isang mas mahigpit na kapaligiran.

Ang isang Tahanan Para sa Krisis ng Komunidad (Community Crisis Home) ay kuwalipikado at dapat makaabot sa lahat ng kinakailangan para sa vendorization bilang isang pasilidad ng tirahan ng isang Panrehiyong Sentro. Ang pasilidad ay may 4 na pribadong kuwarto. Napakadaling gumalaw sa bahay at lisensyado ito para mapagsilbihan ang 2 hindi ambulatory na kliyente.

Ang tagapagbigay ng serbisyo ay inaasahang:
- Magbibigay ng masinsinang serbisyo sa pag-uugali at mental na kalusugan para sa mga kliyenteng na-diagnose sa dalawang ito.
- Magkaroon ng isang administrador na nagbibigay ng napakaayos na kapaligiran at programa para pagsilbihan ang mga indibidwal na kailangang-kailangan ng tulong sa pag-uugali tulad ng pagiging agresibo, pagkasira ng ari-arian, pananakit sa sarili, at pagtakas.
- Patatagin ang mga indibidwal na nahihirapan at kailangan ng tulong at tumulong para maging hindi gaanong mahigpit na kapaligiran nila.
- Magbigay ng isang partikular na plano para maging stable may kinalaman sa planong makaalis sa bahay kung saan siya inaalagaan (30, 60, 90 araw na plano)

Makikipagtulungan ang napiling tagapagbigay ng serbisyo sa napiling Housing Development Organization (HDO), Brilliant Corners. Ang Brilliant Corners ay pinili at ginawaran ng proyektong ito sa nakaraang piskal na taon. Ang tahanan ay pinili ng RCEB at Brilliant Corners, na inayos para matugunan ang pangangailangan sa pisikal, pag-uugali, at/o pandama ng mga indibidwal na nakatapos na. Matatagpuan ang bahay sa Brentwood at inayos na ito. Mangungupahan sa HDO ang tagapagbigay ng serbisyo na partikular sa ari-ariang iyon, kung saan natukoy ang mga obligasyon ng nangungupahan/ may-ari.

PAKITANDAAN na may limitadong titulo ang piniling HDO sa tahanan. Gagamitin ang tahanan nang walang limitasyon para paglingkuran ang mga kliyente. Samakatuwid, kung ang HDO at/o napiling tagapagbigay ng serbisyo ay hindi makapagpatuloy sa kanilang tungkulin, pipili ang RCEB ng ibang HDO o tagapagbigay ng serbisyo para asikasuhin ang tahanan.

Mga Tagubilin sa Proposal at Format ng Pagsusumite:

1. ***Magsumite ng 2 elektronikong kopya ng proposal***
2. Ang isang elektronikong kopya ay dapat **na naglalaman ng lahat ng impormasyon, kabilang ang mga attachment** na kinakailangan para sa RFP na ito.
3. Ang isang elektronikong kopya naman ng proposal ay dapat na naglalaman ng lahat ng impormasyong kinakailangan ng RFP na ito, pero **dapat na alisin (redacted) ang lahat ng nagpapakilalang impormasyon tungkol sa organisasyon, pangunahing kawani at mga consultant**. Pakisuyong alisin ang pangalan ng organisasyon at ang pangalan ng mga kawani at consultant sa lahat ng pahina ng proposal na inalisan ng impormasyon. Tiyaking naalis ang impormasyon sa footer ng bawat pahina.
4. Ang mga proposal ay dapat na naka-double-spaced (may space sa bawat linya) at isumite bilang Word document. Ang lahat ng pahina ay dapat na may nagpapakilalang footer na may pangalan ng tagapagbigay ng serbisyo, numero ng proyekto, at mga pahinang may bilang.
5. Ipadala gamit ang email ang mga kopyang inalisan at hindi inalisan ng impormasyon sa rfp@rceb.org.
6. Ang dalawang elektronikong kopya ay dapat na matanggap nang **5:00 pm sa deadline ng RFP: Lunes, Mayo 9, 2024**, *ANG MGA LATE AT/O HINDI KUMPLETONG APLIKASYON AY HINDI ISASAALANG-ALANG.*

Magho-host ang RCEB ng **Bidders Conference** (RFP Tanong at Sagot na Sesyon) sa Huwebes, Abril 25, 2024 sa ganap na 1:00 p.m. Gaganapin sa Zoom ang Bidders Conference. Mangyaring tingnan sa ibaba ang impormasyon ng pag-log in sa Zoom.

Oras: Abril 25, 2024 01:00 PM Pacific Time (US at Canada)

Join Zoom Meeting
https://us06web.zoom.us/j/82693527559?pwd=R0a6j3VFnrNH8qw5irAxNP1lHiH4B7.1

Meeting ID: 826 9352 7559
Passcode: 975068

Ang lahat ng karagdagang tanong tungkol sa proseso ng aplikasyon ng RFP o paghiling ng teknikal na tulong para sa proyektong ito ay dapat idirekta kay Heather Jacobs, RCEB Senior Resource Specialist sa (510) 618-6497 o e-mail na hjacobs@rceb.org. Pakisuyong huwag tumawag o mag-email tungkol sa kalagayan ng aplikasyon.

**Mga Kinakailangan sa Proposal**

1. RFP Application Form (Attachment A).

2. Isang pahayag na nakalagay kung sino ang gumawa sa proposal.

3. Pahayag ng Ideya. Pagkakataon ito para ilahad ang isang program proposal na natatangi sa partikular na interes at karanasan mo. Ang bawat kategorya ay bibigyan ng marka batay sa nilalaman nito. Dapat kasama sa Pahayag ng Ideya ang: **(Gumamit ng angkop na header ng seksyon)**

   Pahayag ng Ideya na tumutugon sa mga sumusunod:

a. Maikling paglalarawan ng iyong pilosopiya, pagpapahalaga, kagalingan, at makabagong mga pamamaraan sa pagbibigay ng isinaad na serbisyo para sa target na grupo ng mga kliyente (5 puntos)

b. Ilarawan mo ang proseso ng pagsusuri na gagamitin mo para matukoy ang mga kalakasan at hamon ng na-refer na kliyente. Ilarawan ang tool na gagamitin mo sa pagsusuri. Paano mo masusuri kung babagay ka sa ibang residente? Ilarawan ang pangunahin at natatanging mga serbisyo na iaalok mo sa mga kliyente. Paano mo matutukoy kung sa aling natatanging serbisyo ang maaaring pakinabangan ng kliyente? Sino ang susubukan mong kontakin para makakuha ng impormasyon bilang bahagi ng pagsusuri sa indibidwal? (5 puntos)

c. Ilarawan ang intervention na proseso kung ang isang kliyente na nakatira sa tahanan ay hindi maging stable at maaaring mahirapan ka sa mga serbisyong ibibigay mo. (5 puntos)

d. Magbigay ng isang-linggong iskedyul ng mga kawani na nagpapakita ng iminungkahing pattern ng pagbibigay ng kawani. Isama ang bilang at nakalaang oras ng mga lisensyadong kawani (kung angkop), hindi lisensyadong kawani, at iba pang kawani ng suporta. Isama rin ang isang sample ng isang-linggong iskedyul ng programa ng kliyente na may mga aktibidad sa araw at mga aktibidad sa pakikisalamuha sa komunidad. (5 puntos)

e Magbigay ng organizational chart na nagpapakita ng iba't ibang programa na pinapatakbo ng organisasyon mo at kung paano pasok sa chart na ito ang iminungkahing proyekto. Gayundin na magbigay ng isang organizational chart na tumutukoy sa mga namumuno at nangangasiwa. (5 puntos)

f. Isama ang paglalarawan ng programa para sa pagsasanay ng mga kawani para sa di-bababa sa 12 na buwan na nagbibigay-diin sa mga paksang may kinalaman sa uri ng mga kliyente na pagsisilbihan mo. (5 puntos)

g. Magbigay ng paglalarawan ng plano mo para sa pagsusuri ng programa ng mga serbisyo at ang plano mo para sa pagpapabuti ng kalidad. (5 puntos)

h. Maglagay ng pahayag na nagpapakita ng plano mo para bigyan ng serbisyo ang magkakaibang kliyente, kabilang ang, pero hindi limitado sa, mga kliyenteng magkakaiba ang kultura at wika. Magbigay ng mga halimbawa ng dedikasyon mo sa pagtugon sa mga pangangailangan ng magkakaibang kliyenteng iyon. Isama ang anumang karagdagang impormasyon na sa tingin mo ay may kaugnayan sa isyu ng pagkakapantay-pantay at pagkakaiba-iba. (5 puntos)

i. Ilarawan ang mga partikular na timeline para kumpletuhin ang proyektong ito. Ilagay lahat ng pangunahing hakbang sa proseso hanggang sa target na petsa ng pagsisimula ng mga serbisyo (5 puntos)

4. Maglagay ng line item na **Kasalukuyang Buwanang Budget** na nagsasaad ng inaasahang mga gastos sa pagpapatakbo ng bagong programa mo (Attachment B). Tandaan na kung pipiliin para sa proyektong ito, isang mas komprehensibo at detalyadong tool sa budget ang gagamitin.

5. Magbigay ng kasalukuyang **Financial Statement** (Attachment C) para isama ang kasalukuyang quarterly Statement of Financial Position, kasalukuyang quarterly Statement of Activities, kasalukuyang quarterly Statement of Cash Flows, at pinakabagong audited CPA na independent audit report. (Maaaring kailanganing magbigay ka ng patunay ng pananagutan sa pananalapi bago pumirma ng kontrata para sa mga pondo ng start-up).

6. Ilagay ang pangalan, address at numero ng telepono ng tatlong **Propesyonal na Sanggunian** at maglagay ng kahit isang propesyonal na sulat ng sanggunian na naglalarawan sa mga kakayahan at kwalipikasyon mo para sa proposal na ito (Attachment D).

7. Maglagay ng listahan ng mga iminungkahing **Consultant ng Programa**, suweldo at tinatayang oras bawat buwan para sa start-up at on-going na konsultasyon (Attachment E).

8. Maglagay ng proposed na **Start-Up na Budget** na nagsasaad kung paano gagamitin ang pondo (Attachment F). Tandaan na inaasahan mag-aambag ang aplikante in-kind na pondo sa panahon ng start-up. Mangyaring tukuyin ang in-kind na pondong ito sa dokumento ng budget. Gayundin, dapat na may kakayahan ang aplikante na makapagbayad ng mga bayarin sa panahon ng transition (ibig sabihin, oras sa pagitan ng araw ng pagbubukas ng tahanan at ng araw kung kailan lumipat ang lahat ng kliyente). Hindi makakapag-reimburse ang RCEB sa tagapagbigay para sa mga bakanteng kama.

9. Magbigay ng **Resume** na nagpapakita ng ebidensya ng kwalipikasyon ng aplikante tulad ng: edukasyon, karanasan sa trabaho, karanasan sa pangangasiwa at pagbibigay ng espesyal na serbisyo sa indibidwal na may Intellectual and Developmental Disabilities (I/DD) (hindi bababa sa isang taon ng pagbibigay ng direktang pangangasiwa at espesyal na serbisyo sa may I/DD) at nakasubok ding sumuporta sa mga taong kailangan ng suporta sa mental na kalusugan, pag-uugali, at forensic.

**Mga link sa template para sa mga Attachment A, B, C, D, E, at F ay available sa www.rceb.org; I-click ang Seksyong "Para sa mga Tagapagbigay" at i-click ang Seksyong "Humingi ng Proposal".**

**PANGKALAHATANG LIMITASYON:**

Ang Kahilingan Para sa Proposal na ito ay hindi garantiya na ibibigay ng RCEB ang kontrata, na bayaran ang anumang ginastos
sa paghahanda ng proposal, makipagkontrata bilang tugon sa kahilingang ito, o bumili o makipagkontrata ng mga serbisyo o suplay. Para maisaalang-alang, ang **kumpletong proposal** ay dapat matanggap bago ang petsa at oras ng pagsasara na nakasaad sa itaas.

**PROSESO NG PAGSUSURI:**

A. Tinukoy ang isang Contact Person para sa proyekto at magbibigay ng limitadong teknikal na tulong sa proseso ng RFP kung naaangkop.

B. Lahat ng kumpletong proposal ay susuriin ng Komite ng Pag-aaral gamit ang proseso ng pagsusuri. Ang Evaluation Committee ay binubuo ng mga kinatawan mula sa Area Board V, ang lokal na Developmental Disabilities Council, at Regional Center staff mula sa iba't ibang propesyon na dalubhasa sa partikular na RFP. Ang mga redacted na bersyon ng RFP ay susuriin at bibigyan ng marka ng Evaluation Review Committee gamit ang sumusunod na pamantayan:
   - **1:** Hindi Maganda- Hindi kumpleto ang impormasyon.
   - **2:** Mas Mababa sa Katamtaman- Sapat ang impormasyon; hindi tinalakay ang paksa.
   - **3:** Katamtaman**-** Nakalagay lahat ng kailangang impormasyon.
   - **4:** Mas Mataas sa Katamtaman- Nakalagay lahat ng kailangang impormasyon at may elemento ng pagkamalikhain sa ilang aspekto.
   - **5:** Mahusay- Makikita sa mga sagot na pinag-isipang mabuti ang mga ideya.

C. Ang mga aplikanteng may pinakamataas na marka ay iniimbitahan na humarap sa Komite ng Pagsusuri para sa isang panayam para talakayin ang kanilang proposal nang mas

detalyado. Ire-rate ng Komite sa Pagsusuri ang mga sagot ng aplikante ayon sa sumusunod na pamantayan:

**1:** Hindi Maganda- Hindi kumpleto ang impormasyon.
**2:** Mas Mababa sa Katamtaman- Sapat ang impormasyon; hindi tinalakay ang paksa.
**3:** Katamtaman**-** Nakalagay lahat ng kailangang impormasyon.
**4:** Mas Mataas sa Katamtaman- Nakalagay lahat ng kailangang impormasyon at may elemento ng pagkamalikhain sa ilang aspekto.
**5:** Mahusay- Makikita sa mga sagot na pinag-isipang mabuti ang mga ideya.

D. Ang aplikante na may pinakamataas na pinagsamang mga marka mula sa nakasulat na pagsusuri ng proposal at intrebyu ay gagawaran ng proyekto ng pagpapasimula. Pakitandaan na maaaring kumpletuhin ng RCEB ang proseso ng RFP nang hindi ibinibigay ang proyekto. Ang huling desisyon ng Komite ng Pagsusuri ay hindi puwedeng iapela. Ang mga materyal na isinumite ng mga aplikante ay pananatilihin sa file sa loob ng tatlong taon sa RCEB.

E. Kapag ang mga kandidato ay nabigyan ng mga proyekto, ipapadala ang liham sa lahat ng aplikante para ipaalam sa kanila ang desisyon tungkol sa pagbibigay ng startup. Magbibigay ang RCEB ng pagkakataon sa mga aplikante na talakayin kung bakit hindi pinili, kung hilingin ng aplikante. Pakisuyong huwag tumawag o mag-email para magtanong tungkol sa katayuan ng proyekto.

**RCEB na Timeline**

1. Abril 16, 2024: Ang RFP ay na-post, inanunsyo, at ibinahagi
2. Abril 25, 2024: Bidders Conference (tinatawag dati na RFQ) 1 PM
3. Mayo 9, 2024: Dapat ipadala ang kumpletong proposal sa rfp@rceb.org ng 5 pm.
4. Mayo 13, 2024: Ipinadala ang mga nakasulat na Proposal sa Komite ng Pagsusuri
5. Mayo 16, 2024: Ito-total ang marka ng nakasulat na Proposal
6. Mayo 21, 2024: Magsisimula ang interbyu; ITALA ANG PETSA

---

**SHEET PARA SA MARKA NG PAG-AARAL NG RFP SA TAGAPAGBIGAY NG SERBISYO: (Ito ang score sheet na gagamitin ng mga miyembro ng RFP Committee sa pag-iskor ng proposal. Ibinigay ang sample na score sheet na ito para lang sa impormasyon para makita ng mga interesadong partido kung paano binibigyan ng marka ang mga proposal)**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Pangalan ng Aplikante:** | ______________ | **RCEB Fiscal Year at Numero ng Proyekto:** | ______________ |
| **Pangalan ng Tagasuri:** | ______________ | **Petsa:** | ______________ |

**Marka:** i-rate nang 1-5 ayon sa sumusunod: **Marka**: __________

**1:** Hindi Maganda- Hindi kumpleto ang impormasyon.
**2:** Mas Mababa sa Katamtaman- Sapat ang impormasyon; hindi tinalakay ang paksa.
**3:** Katamtaman**-** Nakalagay lahat ng kailangang impormasyon.
**4:** Mas Mataas sa Katamtaman- Nakalagay lahat ng kailangang impormasyon at may elemento ng pagkamalikhain sa ilang aspekto.
**5:** Mahusay- Makikita sa mga sagot na pinag-isipang mabuti ang mga ideya.

**Rekomendasyon:**

______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
________________________

| **3.** | **PAMANTAYAN para sa Pahayag ng Ideya:** | **MARKA** | **KOMENTO** |
|---|---|---|---|
| a. | Maikling paglalarawan ng iyong pilosopiya, pagpapahalaga, kagalingan, at makabagong mga pamamaraan sa pagbibigay ng isinaad na serbisyo para sa target na grupo ng mga kliyente. (5 puntos) | | |
| b. | Mangyaring ilarawan ang proseso ng pagsusuri na gagamitin mo para matukoy ang mga kalakasan at hamon ng tinutukoy na kliyente.<br><br>Ilarawan ang anumang tool na gagamitin mo sa pagsusuri. Paano mo masusuri kung tatanggapin ba ito ng ibang kliyente na maaaring nakatira na roon?<br><br>Ilarawan ang mga pangunahin at espesyal na serbisyo na iaalok mo sa mga kliyente.<br><br>Paano mo matutukoy kung sa aling natatanging serbisyo ang maaaring pakinabangan ng kliyente?<br><br>Sino ang susubukan mong kontakin para makakuha ng impormasyon bilang bahagi ng pagsusuri sa indibidwal? (5 puntos) | | |
| c | Ilarawan ano ang gagawin mo sakaling ang isang kliyente na nakatira sa bahay ay hindi maging stable at pahirapan ang mga serbisyong ibibigay mo. (5 puntos) | | |
| d. | Isang-linggong iskedyul na nagpapakita ng iminungkahing pattern ng staffing na may bilang at nakalaang oras para sa mga lisensyado (kung angkop) at hindi lisensyadong tauhan at iba pang tauhan na sumusuporta. Isama ang isang sample na isang-linggong iskedyul ng programa ng kliyente na may | | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | mga aktibidad sa araw at mga aktibidad sa pakikipasalamuha sa komunidad. (5 puntos) | | |
| e. | Organizational chart na nagpapakita ng iba't ibang programa na pinapatakbo ng organisasyon mo at kung paano pasok sa chart na ito ang iminungkahing proyekto.<br><br>Gayundin, isang organizational chart na tumutukoy sa mga namumuno at nangangasiwa. (5 puntos) | | |
| f. | Paglalarawan ng programa sa pagsasanay ng tauhan para sa di-bababa sa 12 buwan na nagbibigay-diin sa mga paksang nauugnay sa uri ng mga kliyente na bibigyan mo ng serbisyo. (5 puntos) | | |
| g. | Paglalarawan ng plano mo para sa pagsusuri ng programa ng mga serbisyo at ang plano mo para sa pagpapabuti ng kalidad. (5 puntos) | | |
| h. | Isang pahayag na nagpapakita ng plano mo para bigyan ng serbisyo ang magkakaibang kliyente, kabilang ang, pero hindi limitado sa, mga kliyenteng magkakaiba ang kultura at wika.<br><br>Magbigay ng mga halimbawa ng dedikasyon mo sa pagtugon sa mga pangangailangan ng magkakaibang kliyenteng iyon.<br><br>Isama ang anumang karagdagang impormasyon na sa tingin mo ay may kaugnayan sa isyu ng pagkakapantay-pantay at pagkakaiba-iba. (5 puntos) | | |
| i. | Mga partikular na timeline para sa pagkumpleto ng proyektong ito na nagpapakita ng lahat ng pangunahing hakbang sa proseso na tungo sa target na petsa ng pagsisimula ng mga serbisyo. (5 puntos) | | |